# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-12 NG MARSO, 1997, MIYERKOLES, SA GANAP NA IKA-`10:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE................ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Ariel T. Magcalas................ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon................ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat........... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison................ Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas................ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Heidi S. Ciriaco................ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor........... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 081-T'97

KAPASIYAHANG TAUS-PUSONG NAGPAAABOT NG PAKIKIDALAMHATI AT PAKIKIRAMAY SA MGA NAULILA NG YUMAONG FLORO PORCA, KAGAWAD NG BARANGAY GATID, SA BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T,** ang maagang pagyao ng minamahal na Kagawad Floro Porca ay isang mapait na pangyayaring nagdulot ng kalungkutan at pighati, hindi lamang sa kanyang pamilya, kundi pati sa kanyang mga kaibigan at mga kasamahan sa Sangguniang Barangay ng Gatid at Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz;

**SAPAGKA'T,** ang kanyang katapatan sa tungkulin sa panahon ng kanyang panunungkulan bilang Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Gatid ay kinikilala at ipinagkakapuri ng Sangguniang ito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, Louie C. de Leon, Celestino D. Pamatmat at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na ipaabot ang taus-pusong pakikidalamhati at pakikiramay sa mga nauluila ng yumaong Floro Porca, Kagawad ng Barangay Gatid, sa bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at ang pamilya ng yumaong Kag. Floro Porca, ng bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Sandicho
JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan